## APPLICATION

- Paano naging matapat ang Diyos sa pagtupad ng Kanyang mga ipinangako sa 'yo? Magbahagi ng limang bagay na ipinagpapasalamat mo sa taon na ito.
- Ikaw ba ay nananampalataya na tutuparin ng Diyos, sa takdang panahon, ang mga ipinangako Niya sa iyo. Ano ang pangako ng Diyos na pinanghahawakan mo? Paano ka makapagpapa-tuloy sa paniniwala sa Diyos habang naghihintay sa katuparan ng Kanyang ipinangako?
- Paano mo matutulungan ang isang tao, sa linggong ito, na manalig sa Diyos at maniwala sa Kanyang katapatan? Sino ang maaari mong sabihan ng mga imposibleng bagay na ginawa ng Diyos para sa atin?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa paggawa ng mga bagay na imposible para sa iyo at sa pagbibigay sa iyo ng handog na kaligtasan. Ipanalangin na ikaw ay maging mapagpasalamat magpakailanman kay Jesus, na nag-alay ng Kanyang buhay sa krus para sa iyo.
- Ihayag ang iyong pananalig at pagtitiwala sa Diyos, sa Kanyang katangian, sa Kanyang mga kagustuhan, at sa Kanyang takdang panahon para sa mga bagay sa iyong buhay. Kilalanin na ang tangi mong kailangan ay ang presensya ng Diyos sa iyong buhay araw-araw.
- Ipanalangin mo na ikaw ay maging tagapagsalita ng pag-ibig at kabutihan ng Diyos sa tao at na buong-tapang mong ipahahayag ang ebanghelyo.

VICTORY

© 2014 ng Victory®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.
Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

Ang pagkopya ng lathaing ito ay pinahihintulutan para sa lokal na simbahan. Hindi ito ipinagbebenta.
victory.org.ph



# Ang Diyos na Naging Tao

## NOTES

## WARM-UP

- Ano, patungkol sa pagdiriwang ng Pasko, ang pinakagusto mo? Bakit mo ito gusto?
- Ibahagi ang isa sa mga pinakamahirap na pangako na iyong binitawan. Natupad mo ba ito? Bakit mo ito natupad o hindi natupad?
- Ibahagi ang isa sa mga pinaka-kakaibang kuru-kuro o teorya na iyong pinaniwalaan dati. Bakit mo ito pinaniwalaan?

**WORD** *Dahil dito, ang Panginoon na mismo ang magbibigay sa inyo ng palatandaan. Magbubuntis ang isang dalaga at manganganak siya ng isang sanggol na lalaki. At tatawagin niya ang bata na 'Emmanuel.'* **ISAIAS 7:14**

---

Pitong daang taon bago ipinanganak si Jesus, ipinangako ng Diyos na Kanyang bibigyan ang Kanyang mga mamamayan ng palatandaan. Isang imposibleng bagay ang mangyayari — isang dalaga ang magkakaroon ng anak, at ang anak na ito ay ang Diyos na nagkatawang tao upang manirahan sa mundo kasama ng mga tao. Bagama't ito ay isa sa pinakanababanggit na mga pahayag mula sa Bibliya, lalo na sa panahon ng Kapaskuhan, hindi natin laging naiintindihan ang ibig sabihin nito. Sa araling ito, ating tatalakayin ang tatlo sa mga aralin patungkol sa pangako ng Diyos na tinupad ni Jesu-Kristo.

## 1 Tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga ipinangako.

*[4]Ngunit nang dumating na ang takdang panahon, sinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo. Ipinanganak siya sa isang babae at namuhay sa ilalim ng Kautusan [5]para palayain ang mga nasa ilalim ng Kautusan, at sa ganoon maging anak tayo ng Diyos.* **MGA TAGA-GALACIA 4:4,5**

Bagamat ang propesiya ay sinabi daan-daang taon na ang nakalipas, tinupad ito ng Diyos at Kanyang pinadala si Jesus na Kanyang Anak — sa takdang panahon. Laging tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga ipinangako batay sa oras o panahon na Kanyang itinakda at hindi batay sa kung kailan natin ito nais matupad. Ano para sa iyo ang ibig sabihin ng *takdang panahon?* Bakit dumating si Jesus sa *takdang panahon*, at hindi maaga o huli?

## 2 Kayang gawin ng Diyos ang imposible.

*[25]Nabigla ang mga tagasunod nang marinig nila ito, kaya nagtanong sila, "Kung ganoon po, sino na lang ang maliligtas? [26]Tiningnan sila ni Jesus at sinabi, "Imposible ito sa tao; pero sa Diyos, ang lahat ay posible.* **MATEO 19:25,26**

Ang isang dalaga ay magkakaroon ng anak? Imposible. Ang Diyos ay magiging tao? Imposible. Ang banal na Diyos ay magliligtas ng makasalanang tao sa pamamagitan ng krus? Imposible. Ang lahat ng ito ay imposible sa tao, subalit nagiging posible lahat sa Diyos! Paano mo natutunan na sa Diyos, ang lahat ng bagay ay posible? Paano mo nakita ang katotohanang ito sa iyong buhay?

## 3 Ang Diyos ay kasama natin.

*[22]Nangyari ang lahat ng ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, [23]"Magbubuntis ang isang birhen at manganganak ng isang lalaki. Tatawagin siyang Emmanuel." (na ang ibig sabihin, "Kasama natin ang Diyos").* **MATEO 1:22,23**

Ang propesiya ni Isaiah ay natupad sa kapanganakan ni Jesus. Si Jesus ay Diyos, subalit pinili Niyang magkatawang tao upang makasama tayo. Sa pagtawag sa Kanya ng Emmanuel, nagkakaroon ang pangako ng Diyos ng kasiguraduhan — na Siya ay kasama natin ngayon at na Siya ay lagi nating makakasama. Dahil kasama mo ang Diyos, paano ka dapat namumuhay? Paano binabago ng kasiguraduhan ng presensya ng Diyos ang iyong buhay?